


Music

Ikatlong Markahan – Modyul 3: Mga Anyong Unitary at Strophic



**Music – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 3: Mga Anyong Unitary at Strophic
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Merian C. Martinez

Editors: Deowel F. Abapo, Rei Zephyrus L. Godoy, Vergita M. Ibañez

Tagasuri: Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Frolomea Narra T. Tañiza,
Mary Joy C. Bernadas

Tagaguhit: Bobby James S. Dagatan, Marie Joy M. Lastra, Luzvel B. Villamor

Tagalapat: Eden Lynne V. Lopez, Joel F. Capus

Tagapamahala: Ma. Gemma M. Ledesma

Arnulfo M. Balane

Rosemarie M. Guino

Joy B. Bihag

Ryan R. Tiu

Nova P. Jorge

Raul D. Agban

Lorelei B. Masias

David E. Hermano, Jr.

Shirley L. Godoy

Eva D. Divino

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: (053) 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov

Music

**Ikatlong Markahan – Modyul 3:
Mga Anyong Unitary at Strophic**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Maraming anyo sa musika na maaaring gawing basehan sa paglikha ng isang awit. May mga simpleng anyo ng musika tulad ng *unitary* at *strophic*.

Sa modyul na ito, kayo ay inaasahang makalikha ng apat na linya na may dalawang berso na awit sa anyong *strophic* at inaasahang makamit ang mga sumusunod na layunin:

- a. Natutukoy ang anyong *unitary* at *strophic*. (MU5FO-IIIa-1)
- b. Nakalilikha ng awitin na may apat na linya sa anyong *unitary*. (MU5FO-IIIb-2)
- c. Nakalilikha ng awitin na may apat na linya at dalawang berso sa anyong *strophic*. (MU5FO-IIIc-d-3)



Subukin

Part I. Tukuyin kung wasto ang impormasyon ukol sa mga anyo ng musika. Sagutin ng Tama o Mali. Isulat sa patlang ang tamang sagot.

- _____ 1. Ang anyong *strophic* ay mapapansin o matatagpuan sa mga makabagong awitin.
- _____ 2. Ang awit na Malay-Yu ng Ifugao ay isang halimbawa ng awitin na may anyong *strophic*.
- _____ 3. Ang awitin ay maituturing na anyong *strophic* kung ito ay mayroong iisang himig.
- _____ 4. Ang *unitary* ay isang anyo ng musika na dalawa ang bahaging inuulit.
- _____ 5. Kung ang melodiya ay inuulit sa ikalawang berso, ito ay may anyong *strophic*.

_____ 6. Anyong *Unitary* ang tawag sa isang awitin na may isang berso na hindi inuulit.

_____ 7. Sa anyong strophic, ang melodiya ay inaawit na may parehong tono sa lahat ng berso.

Part II. Tukuyin at bilugan sa *crossword puzzle* ang mga anyo ng musika

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| U | N | I | T | A | R | Y | A |
| Z | T | Q | W | E | R | Y | N |
| Y | B | R | M | T | Y | U | Y |
| O | A | B | O | X | Z | Y | O |
| A | F | G | M | P | U | I | B |
| Y | I | L | O | V | R | E | R |
| T | U | J | O | S | H | Y | E |
| S | T | R | O | P | H | I | C |

Aralin

3

Mga Anyong Unitary at Strophic



Balikan

Panuto: Gumawa ng Iskalang C Mayor at Iskalang G Mayor gamit ang kapat na nota.

1. Iskalang C Mayor

2. Iskalang G Mayor



Tuklasin

Ang *unitary* ay isang anyo ng musika na may iisang berso.

Ang isang awitin o musika ay maituturing na may anyong *strophic* kung ito ay mayroong iisang melodiya na naririnig nang paulit-ulit sa bawat berso ng buong kanta.

Tingnan at awitin ang “Ako Ay May Lobo” at “Bahay Kubo.” Sagutin ang mga katanungan sa ibaba at ilagay ang sagot sa patlang.

BAHAY KUBO

1

Ba-hay ku - bo ka - hit mun-ti ang ha-la-man do-on ay sa -ri -sa -ri: sing-ka-mas at ta-
 -long si-ga -ril-yas at ma-ni; si -taw, ba -taw, pa-ta - ni; kun-dol, pa-to - la, u-
 -po't ka-la-ba - sa; at tsa-ka may-ro'n pang la-ba-nos, mus-ta-sa; si-bu -yas, ka-ma -tis, ba - wang at lu-
 -ya; sa pa -li -gid-li - gid ay pu-no ng li -nga

AKO AY MAY LOBO

A-ko ay may lo-bo Lu-mi-pad sa la-ngit Di ko na na-ki - ta Pu-mu-tok na pa - la. Sa-yang
 ang pe-ra ko pam-bi-li ng lo - bo. Kung pag-ka-in sa - na na-bu-sog pa a - ko

- a. Ilan ang linya sa awiting “Bahay Kubo”? _____
- b. Ilan ang berso ng awit na “Bahay Kubo” ? _____
- c. Anong anyo ang ginamit sa awiting “Bahay Kubo”? _____
- d. Anong anyo ang ginamit sa awiting-“Ako Ay May Lobo”? _____
- e. Ilan ang linya sa awiting “Ako Ay May Lobo”? _____
- f. Ilan ang berso ng awit na ”Ako Ay May Lobo”? _____



Suriin

Ang “anyo” ay isang elemento ng musika na tumutukoy sa istraktura ng isang awitin. Maraming uri ng anyo sa musika na maaaring gawing basehan sa paglikha ng isang awit o tugtugin.

May mga simpleng anyo ng musika tulad ng *unitary* at *strophic*. Ang *unitary* ay isang anyo ng musika na iisa lang ang berso. Ang isang awitin o musika ay maituturing anyong *strophic* kung ito ay mayroong iisang melodiya na naririnig nang paulit-ulit sa bawat berso ng buong kanta.

Ang isang awitin ay maaring mahati sa mga seksyon sa pamamagitan ng paggamit ng mga letra bilang simbolo ng isang bahagi. Sa anyong *unitary*, may iisa lamang na seksyon na sinisimbolo ng “A” at sa anyong *strophic*, ang melodiya ng isang seksyon ay inuulit sa ibang berso na sinisimbolo ng “AA.”

Ang awiting “Bahay Kubo” ay nasa anyong *strophic* at ito ay binubuo ng dalawang berso.



Pagyamanin

Gawain

Panuto: Tukuyin ang anyo ng musika sa pamamagitan ng pag-ayos ng mga titik na pinaghalo-halo. Isulat ang sagot sa patlang.

P H I C S T R O _____
Y R A T I N U _____



Isaisip

Upang makagawa ng awit sa anyong *unitary* o *strophic* ano ang mga dapat tandaan?



Isagawa

Maghanap ng dalawang awitin na nasa anyong *unitary* at anyong *strophic*. Ilagay ang mga sagot sa loob ng kahon.

| ANYONG UNITARY | ANYONG STROPHIC |
|----------------|-----------------|
| 1. _____ | 1. _____ |
| 2. _____ | 2. _____ |



Tayahin

Tukuyin ang iba't ibang uri ng anyo ng musika. Isulat ang tamang sagot sa espasyong nakalaan.

| Mga Awitin | Anyo ng Musika (Unitary, Strophic) |
|----------------------|---------------------------------------|
| 1. Pamulinawen | |
| 2. Jingle Bells | |
| 3. Manang Biday | |
| 4. Leron Leron Sinta | |
| 5. Are You Sleeping? | |




Karagdagang Gawain

Awitin ang mga kantang sinaliksik sa bahaging “Isagawa” at isulat sa ibaba ang inyong mga nararamdaman habang ito’y inaawit.



Susi sa Pagwawasto

| | |
|--|--|
| <p>Isaisip</p> <p>Ang isang awitin o musika ay matuturing na may anyong strophic kung ito ay mayroong isang melodiya na naririnig nang paulit-ulit sa bawat berso ng kanta. Kahit magbago ang mga titik ng awit, ang melodiya nito ay mananatiling pareha lamang sa buong awit.</p> <p>Ang bawat berso na may isang melodiya na maaaring tawagin na A. Kung ang melodiya ay inuulit ng ikalawang beses sa ibang berso, ito ay may mga sektyong AA. At kung ang melodiya ay inuulit ng ikatlong beses sa ibang berso, ito ay may mga sektyong AAA.</p> <p>Isagawa</p> <p>-(Saring Sagot)</p> <p>Tayahin</p> <p>Part I.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Strophic 2. Unitary 3. Strophic 4. Strophic 5. Unitary | <p>Subkin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Tama 2. Tama 3. Tama 4. Mali 5. Tama 6. Tama 7. Tama 8. Unitary 9. Anyo 10. Strophic <p>Balikan</p>  <p>Tuklasin</p> <ol style="list-style-type: none"> a. Apat b. Dalawa c. Strophic Form/Anyong Strophic d. Unitary Form/Anyong Unitary e. Isa f. Isa <p>Pagymain</p> <p>Gawain 1</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Strophic 2. Unitary |
|--|--|

Sanggunian

Hazel Copiaco and Emilio Jacinto Jr., *Halinang Umawit At Gumuhit 5*. Reprint (Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines: Vibal Group Incorporated. 2016) p. 51-55

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph